

Impormasyon sa Childcare sa Isogo

Magandang
malaman

Panimula

Maraming mga magulang, na galing sa ibang bansa na nagpapalaki ng kanilang mga anak sa Japan, ang pumupunta sa ISOGO International Lounge. Humihingi sila ng payo tungkol sa iba't ibang mga paksa gaya ng pamamaraan na may kaugnayan sa panganganak, mga aplikasyon para sa pasilidad ng pangangalaga ng bata, at suporta para sa pag-aaral ng mga bata.

Maaaring maging lubhang nakababahala ang panganganak at pagpapalaki ng bata sa ibang bansa dahil iba ang kultura, istruktura ng lipunan, at wika. Ito ang dahilan kung bakit ginawa ang buklet na ito. Pinagsama-sama namin dito ang kapaki-pakinabang na impormasyon na magandang malaman kapag nagpapalaki ng bata sa Japan, mula sa panganganak hanggang sa pagtatapos sa high school.

Mangyaring basahin itong buklet. Magiging masaya kami kung ito ay makakatulong sa pagbawas ng iyong mga alalahanin. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring pumunta sa ISOGO International Lounge. Naghihintay ang mga staff sa ISOGO International Lounge sa pagbisita ninyo.



Pag-salin gamit ang Google Lens

1

I-click ang icon ng camera na nasa Google Search box.



2

Itutok ang camera sa text na gusto mong isalin at piliin ang "Isalin" sa ibaba ng screen.



Talaan ng nilalaman

Panimula	1	
Talaan ng nilalaman	2	
Childcare chart para sa dayuhang residente	3	
Panganganak ng bata (kapanganakan)		
Gamitin ang Yokohama Childcare app "Pamatoco"	5	
Gamitin ang maternity mark	5	
Kapag biglang nagkasakit sa gabi, linggo, o pampublikong holiday	6	
Bago pumasok sa elementarya (Panahon ng sanggol o maliit na bata)		
Isogo-ku Childcare Support Center, Isopiyo	7	
Prenatal and Postpartum Helper Service	8	
Parent and child plaza	9	
Mga pasilidad na maaaring puntahan bago pumasok sa elementarya	10	
Concierge para sa childcare/edukasyon	10	
Mga istorya tungkol sa pagpili ng daycare o kindergarten	11	
Mula elementarya hanggang high school		
Pag-aral ng wikang Hapon	13	
Suporta sa pag-aaral ng bata	13	
Mahalaga ang makapagtapos ng high school	14	
Iba pang impormasyon		
Visa ng bata	15	
Tungkol sa developmental disorder	15	
Pagpapalaki ng bata nang hindi gumagamit ng karahasan	16	
ISOGO International Lounge		17
Konsultasyon service at pag-iwas sa kalamidad		
Konsultasyon service sa ward office	19	
Konsultasyon service maliban sa ward office	21	
Pag-iwas sa kalamidad sa Japan (disaster prevention)	22	

がいこくじんじゅうみん 外国人住民のための こそだ 子育てチャート

にんしん しゅっさん しょうがっこうにゆうがく
～妊娠・出産から小学校入学まで～

www.kifjp.org/child/chart



やさしい日本語



スタート

STEP 1
お母さんになるための準備

おなかに赤ちゃんがいますか？

- 1 あかちゃんを産むところを探す
- 2 ぼしけんこうていよう 母子健康手帳 (母子手帳) をもらう
- 3 しゅっさんいくじいしきん 出産育児一時金のつづき 手続き
- 4 お母さん (お父さん & お母さん) のための教室に参加
- 5 入院・分娩

妊婦健診

STEP 3
赤ちゃんとお母さんの健康のために

11 いっかげつけんしん 一か月健診

12 あかちゃんとお母さんを訪問します

13 予防接種・赤ちゃんの病院を決めます

STEP 2
赤ちゃんが生まれてからすること

6 出生届

7 子どもの病院にかかるお金について

8 児童手当

9 出生連絡票 (赤ちゃんが生まれたことを知らせるはがき)

10 大使館/入国管理局での手続き

14 乳幼児健診

※@に必要な書類の準備もします

STEP 4
子どもを地域のなかで育てます

15 子育て支援センターなど

16 保育園 入園

17 幼稚園・こども園 入園

18 小学校に入るための準備



小学校 入学

外国のかたが、日本で
おとうさん、おかあさんになったとき、
赤ちゃんのために役所でする
3つのだいじなこと

www.kifjp.org/child/threeprocedure_jpn

発行 2023年4月

Ginawa at inilathala ng Kanagawa International Foundation

KIF 公益財団法人 かながわ国際交流財団
Kanagawa International Foundation
©2023 Kanagawa International Foundation

Panganganak ng bata (kapanganakan)

Gamitin ang Yokohama Childcare app “Pamatoco”

Gamitin ang Yokohama Childcare app “Pamatoco” Ang Pamatoco ay opisyal na app ng Yokohama City para sa pagpapalaki ng bata. Maaari mong malaman ang pamamaraan na gagawin bago at pagkatapos manganak, mag-aplay para sa pinansyal na tulong, pamahalaan ang petsa ng bakuna, atbp. Maaari ka ring makatanggap ng abiso mula sa Yokohama City. Kapag nalaman mong buntis ka, mangyaring irehistro ang iyong impormasyon sa Pamatoco.



Mangyaring kumonsulta sa ISOGO International Lounge kapag kailangan ng tulong sa paglagay ng impormasyon.

Website tungkol sa introduksiyon ng Pamatoco



Gamitin ang maternity mark



Ano ang maternity mark?

Mahalaga ang unang panahon ng pagbubuntis, hindi lamang para sa paglaki ng sanggol pati na rin sa pagpapanatili ng kalusugan ng ina. Kapag gumagamit ng pampublikong sasakyan atbp., maaaring gamitin o magsuot ng markang ito ang mga buntis para madali malaman ng iba na sila ay buntis. Mangyaring gamitin ito sa pag-commute papunta sa trabaho o ospital para sa pagsusuri sa kalusugan, atbp.

Saan makakakuha ng maternity mark?

Ang maternity mark ay ipinamahagi sa bawat Health ang Welfare Center ng ward kapag inisyu ang Maternal at Child Health Handbook. Bilang karagdagan, ilang kumpanya ng tren ay namamahagi rin ng mga ito sa mga istasyon.

Kapag biglang nagkasakit sa gabi, linggo, o pampublikong holiday

Pang-gabing emergency center (Araw-araw 8:00PM-12:00AM)

Kapag biglang magkasakit ang bata sa gabi, maaari kayong pumunta sa emergency center na ito. Bukas ito araw-araw.

Yokohama City Night Emergency Medical Care Center

[Internal Medicine, Pediatrics, Ophthalmology, Otorhinolaryngology]

Telepono : 045-212-3535

Oras ng konsultasyon : 8:00PM-12:00AM

※ Simula ng pagpaparehistro 7:30PM-

Adres : 1-1 Sakuragicho, Naka-ku

Listahan ng pang-gabing emergency medical center sa Yokohama



Holiday emergency medical clinic

(Linggo, pampublikong holiday, ika-30 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero)

Kung biglang magkasakit ang bata sa linggo o pampublikong holiday, maaari kayong pumunta sa clinic na ito.

Holiday emergency medical clinic sa Isogo ward


[Internal Medicine, Pediatrics]

Adres : 1-3-13 Isogo, Isogo-ku

Telepono : 045-753-6011

Oras ng pagtatanggap : 10:00AM-4:00PM

Listahan ng holiday emergency medical clinic sa Yokohama



Bago pumasok sa elementarya (Panahon ng sanggol o maliit na bata)

Isogo-ku childcare support center, Isopiyo

磯子区地域子育て支援拠点

いそピヨ

2F Twicia Yokohama Isogo,
1-7-10 Mori, Isogo-ku,
Yokohama City

TEL : 045-750-1322



1 minutong
lakad ito mula sa
JR Isogo Station.

“Isopiyo” ang pangalan ng lokal na
childcare support center sa Isogo ward.



Ang lokal na childcare support center ay pasilidad na nagbibigay ng espasyo para sa mga batang preschool at kanilang mga magulang para maglaro at makipag-ugnayan. Gayundin maaari din kumonsulta at makakuha ng impormasyon sa pagpapalaki ng bata. Ang pasilidad ay magagamit nang walang bayad pagkatapos magparehistro.



Web



Instagram

Yokohama childcare support system

Ang Yokohama childcare support system ay isang matching system sa pagitan ng taong gustong ipagkatiwala ang kanilang anak at taong maaaring mag-alaga sa bata. (Maaaring humiling ng interpreter) Maaari mong ipagkatiwala ang iyong anak per oras. (Kailangan magbayad)

TEL:045-750-1405

Humingi ng tulong mula sa prenatal at postnatal helper

Kailangan
magbayad



Tungkol sa “prenatal at postnatal helper”

Ang “prenatal at postnatal helper” ay tumutulong sa gawaing bahay (pagluto, paglinis, atbp.) at pag-alaga ng sanggol. Kung ikaw ay nangangailangan ng tulong habang buntis o sa unang 4 na buwan ng kapanganakan ng iyong anak, maaaring tumulong sa iyo ang “prenatal at postnatal helper” mula sa mga kumpanyang kinomisyon ng Yokohama City.

Oras na maaaring gamitin at halaga ng bayad

**Maaaring gamitin mula
lunes hanggang biyernes
nang 9:00AM-5:00PM.**

Ang paggamit ay limitado sa 2 oras sa 1 beses, hanggang 2 beses sa 1 araw.

**Maaari itong magamit nang
hanggang 20 beses sa
kabuuan.**

Kung 2 o higit pa ang sanggol na ipinanganak nang sabay (kambal, triplets, atbp.), maaari itong gamitin hanggang 40 na beses.

**Ang halaga ng bayad ay
1,500 yen bawat paggamit.**

May mga kaso na maaaring maging mas mura ito, mangyaring i-check kapag mag-aaplay ka.

Paraan ng pag-aplay

Mangyaring mag-aplay sa “Children at Families Support Division” ng ward office kung saan ka nakatira.



Bago pumasok sa elementarya (Panahon ng sanggol o maliit na bata)

Parent and child plaza

Kailangan magbayad



Ito ay maaaring gamitin ng maliit na bata (0-3 taong gulang) at kanilang mga magulang, gayundin ng mga buntis at kanilang mga pamilya. Maaaring maglaro ang magulang at anak, makakuha ng payo sa pagpapalaki ng anak, at makatanggap ng iba't ibang mga impormasyon.



Maaaring iwanan ng taong gumagamit ng pasilidad na may marking ang kanilang mga anak doon sa maikling panahon. ❤️



Parent and child plaza, Yume hiroba

Malapit sa Keikyu Sugita Station!

Araw at oras na bukas : Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes
10:00AM-4:00PM

Web



Instagram



Parent and child plaza, Yume tama

Ito ay nasa Negishibashi Shotengai

Araw at oras na bukas : Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes
10:00AM-4:00PM

Web



Instagram



Kosodate Kiddy Yokodai

Malapit sa JR Yokodai Station!

Araw at oras na bukas : Lunes-Biyernes 10:00AM-4:00PM

Web



Instagram



Kids Space, Makana

Malapit sa Tanaka bus stop!

Araw at oras na bukas : Lunes-Biyernes 9:30AM-3:00PM

Web



Instagram



Parent and child plaza, Dakko

Malapit sa Keikyu Byobugaura Station!

Araw at oras na bukas : Lunes-Biyernes 9:30AM-4:00PM

Web



Instagram



Kosodate spot, Kusukusu

Malapit sa JR Negishi Station!

Araw at oras na bukas : Lunes-Biyernes 10:00AM-3:00PM

Web



Instagram

Mga pasilidad na maaaring puntahan bago pumasok sa elementarya

Daycare at kindergarten

Sa Japan, may mga pasilidad para sa mga bata na maaaring puntahan bago sila pumasok sa elementarya. Ito ay nahahati sa nursery school (daycare) at kindergarten, at may mga kondisyon para makapasok sa nursery school.

Nursery school (Daycare)

Edad	0 taon gulang hanggang sa edad na bago pumasok sa paaralan
Oras	11 oras o 8 oras
Kondisyon ng aplikasyon para makapasok	Mayroon (may sitwasyon na kailangan ipagkatiwala ang bata dahil sa trabaho, sakit, pag-aaral, atbp.)
Saan mag-aplay	Ward office o sa nursery school mismo

Kindergarten

Edad	3 taon gulang hanggang sa edad na bago pumasok sa paaralan
Oras	Karaniwan ay 4 na oras
Kondisyon ng aplikasyon para makapasok	Wala
Saan mag-aplay	Sa kindergarten mismo



Concierge para sa childcare/edukasyon

Maaaring kumonsulta kapag naghahanap ng “nursery school (daycare)” o “kindergarten” na maaaring pasukan ng iyong anak bago ito pumasok sa elementarya. Kung hindi ka marunong ng Japanese, mangyaring sumangguni sa ISOGO International Lounge.

Concierge para sa childcare/edukasyon

Tel : 045-750-2435



Mga istorya tungkol sa pagpili ng daycare o kindergarten

ISOGO International Lounge Staff A



Dahil naging marunong na ako ng Japanese, nagkaroon ako ng kaibigan na kapwng ina, at binigay nila sa akin ang maraming impormasyon!

Noong 1 taon at 9 buwan gulang ang panganay kong anak, nakahanap ako ng part-time na trabaho at nagsimula akong maghanap ng daycare. Una, pumunta ako sa ward office at kumuha ako ng listahan ng mga daycare center. Tumawag ako at nahanap ko ang nursery school na maaari kong puntahan sa pamamagitan ng bisikleta. Bagama't hindi pa ako marunong magsalita ng wikang Hapon, ito ay mabuting ipinaliwanag nila sa akin. Ako ay nagpapasalamat kung paano ako pinayuhan ng daycare sa oras na iyon.

Ang oras ng trabaho ay mula alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon. Nag-absent ako sa trabaho noong nilagnat ang anak ko. Noong 4 na taon gulang ang aking panganay, lumipat ang lugar ng trabaho ng aking asawa at kailangan namin magpalit ng nursery school. Tiningnan ko ang mga buklet at mapa na natanggap ko mula sa ward office sa bago kong lugar, at naghanap ako ng mga daycare at kindergarten na mapapasukan ng aking anak.

Pagkatapos magbisikleta at nakita ang mga ito, nakapili ako ng daycare. Naging masayang alaala ang pag-explore sa bagong lugar kasama ang aking anak.

Napabuti ang wikang Hapon ko dahil sa aking trabaho. Habang napapabuti ang aking Hapon, nagkaroon ako ng kaibigan na kapwang ina na Hapon. Ibinigay nila sa akin ang maraming impormasyon na hindi ko mahahanap sa aking sarili. Kung titira ka sa Japan, irerekomenda ko sa inyo na matuto ng wikang Hapon at mag-eejoy kayo ng buhay sa Japan.

ISOGO International Lounge Staff B



Sa kasalukuyan, may 1 akong anak na lalaki na nasa ika-2 taon ng junior high school at 1 anak na babae na nasa ika-2 taon ng elementarya.

Pareho silang ipinanganak sa Japan. Hindi ako nagtatrabaho nang isilang ko ang unang anak na lalaki. Pinalaki ko ang panganay kong anak sa bahay hanggang 3 taon gulang siya. Nagsimula siya sa kindergarten noong siya ay naging 3 taon gulang.

Dumating ang pagkakataon na maipasok ang aking anak sa kindergarten nang imbitahan ako ng nanay ng kaibigan na kasing edad ng aking panganay. Sumama ako sa isang panayam sa kindergarten. Sa panayam sa kindergarten, tinanong ako tungkol sa mga paboritong laruan, pagkain, atbp. ng aking anak. Naaalala ko rin na tinanong ako, "Anong wika ang ginagamit nyo sa bahay?"

Simula noong pumasok siya sa kindergarten, dumami ang naging kaibigan ng panganay kong anak. Nagkaroon din ako ng mga kaibigan na Hapon. Marami akong masasayang alaala kagaya ng kumain sa labas at makipag-kwentuhan.

Kahit hindi man ako marunong magsalita ng Hapon, napakabait sa akin ng mga guro at iba pang nanay na kaibigan. Huwag matakot, at mangyaring makipag-usap lamang.

Pag-aral ng wikang Hapon

Sa Isogo ward, mayroong klase sa wikang Hapon na pinamamahalaan ng mga boluntaryo. Ang ISOGO International Lounge ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga klase sa wikang Hapon at mga paraan upang matuto ng wikang Hapon. Nag-post kami ng artikulo sa panayam tungkol sa klase sa wikang Hapon sa Isogo ward sa aming website. Sigurado na makakahanap ka ng klase sa wikang Hapon na tama para sa iyo.

Website : ISOGO International Lounge
> Konsultasyon at Impormasyon > Pag-aral ng wikang Hapon



Suporta sa pag-aaral ng bata

Mayroong mga silid-aralan ng suporta sa pag-aaral kung saan tinutulungan ng mga boluntaryo ang mga bata na hindi mahusay sa wikang Hapon sa kanilang pag-aaral sa akademya. Mayroon ding mga free school na nagbibigay ng suporta para sa mga kabataan na nagtapos sa junior high school upang makapag-aral para sa entrance exam sa high school. Mahirap para sa mga kabataan, na ang unang wika ay hindi Japanese, na sumulong sa mataas na antas ng edukasyon sa Japan. Huwag mahiyang humingi ng tulong maliban sa iyong pamilya, at mangyaring kumonsulta sa amin.

Website : ISOGO International Lounge > Konsultasyon at Impormasyon
> Pagsuporta sa pag-aaral ng mga bata



Mahalaga ang makapagtapos ng high school

Mayroon ding mga bata sa Isogo ward na nanggaling sa ibang bansa na nag-aaral sa Japan. Ito ay dahil inimitahan ng mga magulang ang kanilang mga anak na pumunta sa Japan o kaya ay isinama ng magulang ang kanilang anak papunta sa Japan. Siguro para sa mga magulang, ang isang goal ay maging magkasama ang pamilya sa Japan. Ngunit, para sa mga bata, ito ay bagong simula. Inaasahan namin na ito ay isang may pag-asa na simula para sa mga bata.

Ngunit habang lumalaki ang mga bata, nagsisimula kang mag-alala tungkol sa kanilang kinabukasan. Kapag ang bata mula sa ibang bansa ay nakapagtapos ng high school sa Japan at nakakuha ng trabaho, maaari nilang palitan ang kanilang visa mula dependent patungo sa long-term residente. Maaari din silang magpatuloy sa unibersidad. Okay lang na pumunta sa Japan pagkatapos magtapos ng junior high school sa sariling bansa. Okay lang din na mag-drop out sa high school at pumunta sa Japan. May mga NPO na makakatulong sa inyo. Anuman ang mangyari, huwag mawalan ng pag-asa at mangyaring kumonsulta sa amin. Hihingi na lang kayo ng tulong. May mga tao sa paligid mo na handang tumulong sa iyo palagi. Magkasama nating pag-isipan para sa kaligayahan ng mga bata.

Multicultural Spot, World Kids
Kinatawan, Wang Guangzi

Visa ng bata

Mayroon ilang mga bagay na dapat malaman ng mga bata na may “dependent visa”, at ng mga kanilang magulang. Kapag ang iyong anak ay nakapagtapos ng high school, maaaring palitan ang visa. Mahalagang pag-isipan nang maaga kung ano ang mangyayari sa visa nila o ano ang gusto mong gawin. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, kumonsulta sa eksperto, tulad ng libreng konsultasyon sa isang administrative scrivener. Mayroon ding mga sesyon ng konsultasyon para sa mga dayuhan. Kung hindi ka sigurado kung paano humingi ng tulong, o nag-aalala dahil hindi makapagsalita ng wikang Hapon, mangyaring makipag-ugnayan sa ISOGO International Lounge. Magpapakilala kami ng eksperto.

Flowchart ng “visa at landas sa karera” para sa mga dayuhang bata pagkatapos magtapos ng high school

日本語、やさしい日本語、
English、中文

(Ginawa at inilathala ng Kanagawa Administrative Lawyers Association)



Libreng konsultasyon para sa mga dayuhan sa 5 wika

(Ginawa at inilathala ng Kanagawa Administrative Lawyers Association)



Tungkol sa developmental disorder

Ayon sa isang survey noong 2020 ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology, ang porsyento ng mga mag-aaral sa elementarya at junior high school na maaaring may developmental disorder ay 8.8%. Kung bibilangin ito base sa bilang ng mga mag-aaral sa pampublikong elementarya at junior high school sa buong bansa, ang bilang ay lumampas sa 700,000. Kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa pag-uugali ng iyong anak, kumonsulta sa espesyalista sa lalong madaling panahon.

Konsultasyon sa bata at pamilya



045-750-2525

Isogo Ward Core Consultation at Support Center (Isogo Community Activity Home, Ibuki)



045-778-6635

Pagpapalaki ng bata nang hindi gumagamit ng karahasan

Simula taon 2020, ginawa ng batas sa Japan na ipinagbabawal ang corporal punishment (pag-gamit ng karahasan) kapag nagdidisiplina sa mga bata. Ang pambansang guideline na “Para sa pagpapalaki ng bata nang hindi gumagamit ng corporal punishment - Isang lipunan kung saan sinusuportahan ng lahat ang pagpapalaki ng bata,” ay nagsasabi ng sumusunod.

Bakit bawal ang corporal punishment?

- Ang paulit-ulit na corporal punishment ay maaaring magkaroon ng iba’t ibang masamang epekto sa pisikal at mental na paglaki ng bata.
- Ito ay napatunayan na rin sa siyensiya.

Nakaranas ka na ba nito?

- Maraming beses ko na siyang binalaan pero hindi siya nakinig. Kaya sinampal ko siya sa pisngi.
- Pina-seiza* ko siya ng matagal dahil naging pilyo siya.
- Hindi ko siya binigyan ng pagkain dahil hindi niya ginawa ang takdang-aralin.

Ang lahat ng mga ito ay corporal punishment.



Note; Hindi kasama dito ang mga aksyon na may layunin na protektahan ang bata, tulad ng paghawak sa kamay ng bata kung sila ay tumatakbo palabas sa kalye.

*Ang seiza ay paraan ng pag-upo kung saan magkadikit ang mga paa, nakaupong paluhod, at nakapatong ang puwit sa sakong .

Mula sa: Children at Families Agency, leaflet “Para sa pagpapalaki ng bata nang hindi gumagamit ng corporal punishment -Isang lipunan kung saan sinusuportahan ng lahat ang pagpapalaki ng bata”

Kung may alalahanin ka sa pagpapalaki ng iyong anak, mangyaring kumonsulta sa espesyalista.

Konsultasyon sa bata at pamilya



045-750-2525

ISOGO International Lounge

Ang ISOGO International Lounge ay may konsultasyon desk para sa mga dayuhan. Nagbibigay din ito ng impormasyon sa pang-araw-araw na buhay at pag-aaral ng wikang Hapon. Mayroon ding iba't ibang mga kaganapan.

Konsultasyon desk

Maaaring kumonsulta tungkol sa pang-araw-araw na buhay. Kung mayroon kang mahirap na problema, ipapakilala ka namin sa isang espesyalista na makakatulong sa iyo. Mangyaring huwag mag-atubiling pumunta at makipag-usap sa amin.

Pagbigay ng impormasyon

Nagbibigay kami ng impormasyon sa pang-araw-araw na buhay, kabilang ang impormasyon sa mga klase sa wikang Hapon at mga klase ng suporta sa pag-aaral ng mga bata.

Mga kaganapan sa multipurpose space

Ang ISOGO International Lounge ay nagdaraos ng mga kaganapan kung saan maaaring lumahok ang mga dayuhan.

ISOGO Community Playgroup

Nagdaraos kami ng kaganapan kung saan makapaglaro ang magulang at anak 1 beses sa 1 buwan, sa martes ng umaga. Maaaring sumali ang mga batang hanggang 4 na taon gulang at ang kanilang mga magulang. Wala po itong bayad.



ISOGO International Lounge
いそご多文化共生ラウンジ

Hamada Bldg 3F, 3-4-23, Isogo, Isogo-ku, Yokohama City
TEL : 045-367-8492

Managed by:
NPO Yume Community Network



Web



Instagram

Study room sa panahon ng mahabang bakasyon sa paaralan (bakasyon tuwing tag-araw, taglamig, tagsibol)

Sa mga mahabang bakasyon sa paaralan, mayroong mga study room kung saan maaaring gawin ng mga bata ang kanilang takdang-aralin at mag-aral ng wikang Hapon. Tutulungan ang mga bata ng mga boluntaryo sa iyong pag-aaral.



Usapan tuwing gabi ng huwebes

Ang “oshaberi kai (usapan)” ay gumagamit ng madaling Japanese. Ang mga dayuhang nag-aaral ng wikang Hapon at mga Japanese ay nagtitipon-tipon upang pag-usapan ang kultura at kaugalian ng Japan, gayundin ang pagkakaiba ng kanilang mga bansa. Ito ay ginaganap tuwing huwebes ng gabi. Hindi kailangan mag-aplay. Wala itong bayad.



Sesyon ng impormasyon para sa mga magulang na may anak na papasok sa junior high school

Ang mga dayuhang staff na may karanasan sa pagpapalaki ng bata sa Japan ay nagsasagawa ng mga sesyon ng impormasyon sa ISOGO International Lounge bawat taon sa pagitan ng Pebrero at Marso para sa mga magulang na may anak na papasok sa junior high school.

Ipapaliwanag ang mga bagay na kailangan ihanda para mag-enroll, buhay sa paaralan, pagkain sa paaralan, partisipasyon ng magulang sa PTA (parent-teacher association), pag-aaral ng bata, entrance exams, atbp. Sasagutin din namin ang mga indibidwal na katanungan.



Konsultasyon service sa ward office

Mayroong espesyal na konsultasyon desk kung saan maaari kang kumonsulta sa anumang mga alalahanin na mayroon ka tungkol sa pagpapalaki ng bata. Una, tawagan o ipadala ang email sa Children at Families Support Division. Walang problema kung hindi ka marunong ng wikang Hapon. Maaaring magkaroon ng taga-salin para sa iyong konsultasyon. Kung marunong kang magsalita ng wikang Hapon, mangyaring tawagan ang espesyal na numero sa ibaba.

Konsultasyon service sa bata at pamilya

Maaari kayong kumonsulta sa telepono o personal tungkol sa iba't ibang bagay na sumasaklaw sa pagbubuntis, sanggol hanggang sa pagdadalaga o pagbibinata. May mga midwife din.

Oras ng pagtanggap : Lunes-Biyernes/8:45AM-5:15PM (Maliban sa pampublikong holiday, sabado at linggo, katapusan at umpisa ng bagong taon)

 **045-750-2525**

Espesyal na numero (wikang Hapon)

Tungkol sa kalusugan at diyeta

Konsultasyon sa pagpapasuso

Maaari kang kumonsulta tungkol sa pagpapasuso, tulad ng kung paano painumin ang sanggol ng gatas ng ina o formula, at kung paano tigilan ang pagpapasuso.

 **045-750-2448**

Konsultasyon sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kang kumonsulta tungkol sa contraception, pagpapalano ng pamilya, regla, pagkabaog, at menopause.

 **045-750-2448**

Konsultasyon sa ngipin ng sanggol, bata, buntis, at ina na nagpapasuso

Nagbibigay kami ng pagsusuri sa ngipin, konsultasyon, at payo sa pagsipilyo ng ngipin para sa mga bata mula sa kapanganakan hanggang sa edad bago pumasok sa paaralan, pati na rin sa mga buntis at nagpapasusong babae.

 **045-750-2448**

Konsultasyon sa pagkain ng mga bata

Maaari kang kumonsulta tungkol sa pagkain ng sanggol, mga gusto at hindi gusto na pagkain, walang gana kumain, allergy sa pagkain, atbp. Ito ang indibidwal na konsultasyon sa nutrisyunista.

 **045-750-2446**

Tungkol sa kalusugan at diyeta

Mga klase sa pagkain ng sanggol

[Unang beses na baby food class] Target: Mga sanggol na may edad 2 - 6 na buwan
[Mogumogu baby food class] Target: Mga sanggol na may edad 7 - 9 na buwan
Ipapaliwanag namin kung paano ipakilala ang pagkain sa sanggol, at magkakaroon din ng demonstrasyon ng pagluto. May mga konsultasyon. May dental hygienist na magpapaliwanag tungkol sa pagsipilyo ng ngipin.

 **045-750-2446**

Tungkol sa kung saan pagkatiwalaan ng bata

Concierge para sa childcare/edukasyon

Nagbibigay kami ng mga impormasyon at konsultasyon tungkol sa mga lugar na maaaring pagkatiwalaan ng iyong preschool na anak (mga lisensyadong daycare, kindergarten, serbisyo sa pangangalaga ng bata nang pansamantala, atbp.).

 **045-750-2435**

Tungkol sa paglaki ng bata

Konsultasyon sa bata

Maaaring gamitin ang tagapayo sa pag-laki para sagutan ang anumang mga katanungan tungkol sa pag-laki ng iyong anak, tulad ng mabagal na pagsasalita o hindi mapakali .

 **045-750-2448**

Konsultasyon para sa mga batang may kapansanan

Maaari kang kumonsulta tungkol sa mga serbisyong welfare para sa mga batang may kapansanan.

 **045-750-2439**

Tungkol sa buhay


Konsultasyon para sa mga pamilya na may nag-iisang magulang

Maaari kang kumonsulta tungkol sa sistema para suportahan ang buhay ng mga pamilya na may nag-iisang magulang.

 **045-750-2475**

Konsultasyon sa kapakanan ng kababaihan

Maaari kang kumonsulta tungkol sa karahasan sa kababaihan at iba't ibang isyu.

 **045-750-2436**

Konsultasyon service at pag-iwas sa kalamidad

Konsultasyon maliban sa ward office

Isogo Ward Core Consultation at Support Center
(Isogo Community Activity Home, Ibuki)

Maaaring kumonsulta ang mga taong may kapansanan at kanilang mga pamilya. Mayroon din kaming lugar na tinatawag na "Ibu Kids" para sa mga batang preschool at kanilang mga magulang na nag-aalala sa kanilang paglaki.

● Lunes-Biyernes 8:30AM-5:30PM

 **045-778-6635**

Kanagawa Children & Family 110 Consultation LINE

Nagbibigay kami ng libreng konsultasyon sa mga isyu na may kaugnayan sa bata, tulad ng relasyon ng magulang at anak, problema sa pamilya, at mga alalahanin tungkol sa pagpapalaki ng mga bata. Maaaring makipag-ugnayan sa amin ang mga magulang pati na rin ang mga anak.

● Lunes-Sabado 9:00AM-9:00PM
(Maliban sa katapusan at umpisa ng taon)

LINE

LINE official
account



ID: @kana_kodomo110



— Pag-iwas sa kalamidad sa Japan — (disaster prevention)

Madalas at marami ang lindol sa Japan. Marami rin malakas na ulan at bagyo. Hindi natin alam kung kailan darating ang sakuna. Mahalagang maghanda kayo at inyong pamilya. Mangyaring tingnan ang mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa ISOGO International Lounge.



にほんご



中文



English



한글



Tiếng Việt



Yokohama City Website (Living Information)



やさしい
にほんご



English



中文




한글



Other
Languages



Machine
Translation



Inisyu ng
ISOGO International Lounge
Petsa ng publikasyon: Marso 2026

Impormasyon sa
Childcare sa Isogo

Birsiong Website

